

# Rosary

of

# Our Mother of Perpetual help

Introduction:

This Icon is indeed a window to the Divine. To meditate on the Icon is to open our hearts to the experience of God. All are welcome to this experience – so simple and yet so deep. No one should feel excluded, alienated or rejected; neither should those who feel unworthy to come before God because of their sin be left out. Even those of other faith traditions or religions are welcome to the experience. A welcoming Mother and a gentle Child extend their loving compassion in whatever situation we may find ourselves in.



Through this Perpetual Help Rosary divided into five Mysteries, we focus on different sections of the Icon. By doing so, we draw on the richness of God speaking to us, to our lives, through this 'Painted Word'. More than embracing this Icon, let us allow the Icon to embrace us. Through Mary and Jesus, let us allow ourselves to be strengthened by the enveloping experience of communion with the God of Love.

The Sign of the Cross:

The Apostles' Creed:

The Our Father:

The Hail Mary (3X):

Glory Be:

FIRST MYSTERY: Our human heart longs for God (Ps. 42; Mt. 19:16-30)

Panimula:

Ang larawan o imaheng ito ay sadyang durungawan (Bintana) ng kabanalan. Ang pag-ninilay sa imahe ay pagbubukas ng ating mga puso na maranasan ang presensya ng Diyos. Lahat ay inaanyayahan sa karanasang ito, payak, ngunit malalim. Walang sinuman ang kinakailangang makadama na siya'y hindi kabilang, malayo o tinatanggihan maging yaong mga naniniwalang hindi sila karapat-dapat lumapit sa harapan ng Diyos sapagkat sila'y may mga pagkakasala; at maging yaong may naiibang tradisyon ng pananampalataya o relihiyon. Isang magiliw at palatanggap na ina at isang mabuting-loob na anak ang nag-aabot ng kanilang mapagmalasakit na habag sa anumang ating kalagayan.



Sa pamamagitan ng Rosaryo ng Laging Saklolo na ito, na nahahati sa limang misteryo, pinagtutuunang-pansin natin ang iba't ibang bahagi ng imahen. Sa pamamagitan nito, tumatanggap tayo ng biyaya mula sa kasaganaan ng Diyos na nangungusap sa atin, sa ating buhay, sa tulong ng "Iginuhit na Salita" na ito. Sa halip na yumakap sa Imahen, hayaan nating tayo ang yakapin nito. Sa kandili ni Maria at ni Hesus, hayaan nating tayo ay mapalakas ng mapag-kubkob na karanasan ng pakikipag-isa sa Diyos ng Pag-ibig.

Tanda ng Krus:

Sumasampalataya:

Ama Namin:

Aba Ginoong Maria (3X):

In the lives of most people, there is always an empty space that needs to be filled, a pain that needs healing, a feeling of despair that cries for hope, a reality which seeks justice, encouragement, peace, reconciliation, love. Each person finds himself / herself in front of a Mother who lovingly calls out to Her beloved child.

As we meditate on this first mystery, we recognize ourselves as an active part of the whole Icon and allow the life in it to touch our very heart, our mind and soul. We begin a spiritual journey where we enter into the depth of ourselves.

We look deeply into ourselves and ask these questions: How am I? How do I feel? How is my life? Where am I going and where is my life directed to? What do I have/possess and what do I do with it? What do I really need in my life? How is my personal relationship with God? How do I allow God to actually fill that emptiness in me?

1 Our Father, 10 Hail Mary, 1 Glory be ..........

Leader - Jesus Christ, our Redeemer,

Response - We trust in you.

Leader - Our Mother of Perpetual Help,

Response - Pray for us.

SECOND MYSTERY: God send His angels (Luke 22:40-43)

God always wants us to be in union with Him that we may truly find happiness and meaning in our life.
God respects the free will that He gives us. But He also helps us know what is best for each one of us by sending us His angels. In the Icon, we find the Archangels Gabriel and Michael announcing to Jesus His



Luwalhati:

UNANG MISTERYO: Kaluluwa ko'y nauuhaw sa Diyos."(Salmo 42; Mt.19:16-30)

Sa buhay ng nakararaming tao, lagi nang may hungkag na bahaging nangangailangang mapunuan-- sakit na kailangan ang pagpapagaling; pagdurusang naghahanap ng pag-asa; kalagayang humihingi ng katarungan, lakas ng loob, katiwasayan, pagkakasundo at pagmamahal , habag, at malasakit. Sa ganitong katayuan, natatagpuan ng bawat isa ang sarili sa harap ng isang Inang masuyong sumasamo sa kanyang pinakamamahal na Anak.

Habang pinagninilayan natin ang Unang Misteryo, nakikilala natin ang ating sarili bilang aktibong bahagi ng buong Imahen, at hinahayaang madama ng ating puso, isipan at kaluluwa ang buhay na taglay nito. Sinisimulan na natin ang isang ispiritwal na paglalakbay, kung saan ay pumapasok tayo sa kaibuturan ng ating sarili. Titigan natin ang mga labi ni Maria: Tanungin natin ang ating sarili: Ano ang kalagayan ko? Ano ang aking nadarama? Paano ko ilalarawan ang aking buhay? Saan patungo at ano ang direksyon ng aking buhay? Anu-anong mga bagay ang taglay ko, at ano ang ginagawa ko sa mga ito? Ano ba ang tunay kong kailangan sa aking buhay? Kumusta ba ang aking personal na ugnayan sa Diyos? Paano ko hinahayaang punuan ng Diyos ang nadarama kong kakulangan sa aking buhay?

1 Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, 1 Luwalhati sa Ama..........

1 Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, 1 Lualhati .........................

Lider: Hesukristo, aming Manunubos,




Tugon: Kami ay nananalig sa Iyo.

Lider: Ina ng Laging Saklolo,

Tugon: Ipanalangin mo kami.

Father's message. At the same time, the Archangels reassure Him of God's constant presence, protection and guidance.

In this second mystery, we thank God for giving us angels as another expression of His great love for us. We also thank the Lord for the presence of angels in our life through the different persons who are sent or come to us. They help us recognize God's will, experience God's protection and guide us in our journey. We thank God for both the invisible and the visible angels in our life.

We pray that we, too, may serve as angels to other people as we radiate God's presence in and through our words and deeds. This is best experienced when we help them desire to seek and do His holy will. (Luke 2:14; Matthew 4:11; Luke 22:43; John 20:12; Matthew 18:10; Matthew 24:31; Matthew 13:49; Mark 13:32; Luke 20:34; Acts 12:7-11)

1 Our Father, 10 Hail Mary, 1 Glory be ..........

Leader - Jesus Christ, our Redeemer,

Response - We trust in you.

Leader - Our Mother of Perpetual Help,

Response - Pray for us.

THIRD MYSTERY: Mary, Mother of the Redeemer and the Redeemed (Lk.1:26-38; Jn.2:1-6; Jn. 19:25-27)

In this mystery, we allow ourselves to receive the loving, comforting and yet powerful gaze of Mary. At a young age, Mary said "Yes" to God in the Annunciation. She lived it all her life. For her generous and openhearted response to God's plan, she became the Mother of the Redeemer.

Mary was ever conscious of God's presence. She pondered on

IKALAWANG MISTERYO: Nagpapadala ang Diyos ng Kanyang mga Anghel (Lukas 22:40-43)

Ninanais ng Diyos na tayo ay magkaroon ng pakikipagkaisa sa Kanya upang tayo ay makasumpong ng tunay na kaligayahan at kahulugan sa ating buhay. Iginagalang ng Diyos ang kalayaang ipinagkaloob Niya sa atin. Subalit tinutulungan din Niya tayong malaman kung ano ang pinakamabuti para sa atin sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang mga Anghel. Sa Imahen, makikita ang mga arkanghel na sina Miguel at Gabriel na ipinahahayag kay Hesus ang mensahe ng Kanyang Ama. Gayun din, ipinangangako nila ang palagiang pagsama, pag-iingat at paggabay ng Diyos.

Sa Ikalawang Misteryo, pinasasalamatan natin ang Diyos sa pagbibigay sa atin ng mga anghel bilang isa pang kapahayagan ng Kanyang labis na pagmamahal sa atin. Nagpapasalamat din tayo sa Diyos sa presensya ng mga anghel sa ating buhay sa pamamagitan ng iba't ibang tao na Kanyang ipinadadala o dumarating sa ating buhay. Tinutulungan nila tayong makita ang Kalooban ng Diyos, maranasan ang Kanyang pag-iingat at paggabay sa ating paglalakbay sa buhay. Pinasasalamatan natin ang Diyos sa mga hindi nakikita at mga nakikitang anghel sa ating buhay. Dalangin natin na nawa, tayo rin ay makapaglingkod bilang mga anghel para sa ibang tao sa pamamagitan ng ating mga salita at gawa. Ito ay ibayong nararanasan kung hinahangad nating sundin ang Kanyang Banal na Kalooban (Lukas 2:14; Mateo 4:11; Lukas 22:43; Juan 20:12; Mateo 18:10; Mateo 24:31; Mateo 13:49; Marcos 13:32; Lukas 20:34; Gawa 12:7:11)

1 Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, 1 Lualhati ..........................

Lider: Hesukristo, aming Manunubos,

Tugon: Kami ay nananalig sa Iyo.

Lider: Ina ng Laging Saklolo,

Tugon: Ipanalangin mo kami.

God’s saving action and treasured everything in her heart. Mary, as Mother, lovingly welcomed and embraced us as her children when Jesus said to His beloved disciple: “Here is your mother” and to her: “Here is your son”. Here we are, her children. She is our Mother… She is the Mother of the Redeemed.

As we contemplate her in this icon, let us ask for the grace to be always open to attentively listen to the Word of her Son. Mary, our Mother, teach us to continually open our heart to the call of the Father, to the action of the Holy Spirit and to the Word of Jesus. Help us to always learn from you, our Mother, that we may also always respond to God: “Be it done unto me according to Your Word”.



1 Our Father, 10 Hail Mary, 1 Glory be ..........

Leader - Jesus Christ, our Redeemer,

Response - We trust in you.

Leader - Our Mother of Perpetual Help,

Response - Pray for us.

FOURTH MYSTERY: Jesus Christ, the Redeemer, our Perpetual Help (Lk. 4:18-19)

We come to the very center of this Icon that we meditate: Jesus! It is on Him that the angels are focused. It is to Him that Mary’s protective embrace is centered, that even as she looks at us, it is with the intention of making us aware of Her Son, our Lord and Redeemer. He is the only One who can give meaning to our life, the true Per-

IKATLONG MISTERYO: Maria, Ina ng Manunubos (Lukas 1:26-38; Juan 2: 1-6; Juan 19:25-27)

Sa misteryong ito, hinahayaan natin ang ating sarili na tanggapin ang mapagmahal , mapagkalinga,at makapangyarihang tingin ni Maria. Sa murang gulang, tinugon niya nang malalim at taimtim na "Oo" ang tawag ng Diyos. At ito ay isinabuhay niya ng lubos. Sa ganap at bukas-pusong pagtanggap niya sa layunin ng Diyos, siya ay naging Ina ng Manunubos. Ang presensya ng Diyos ay nasa kamalayan ni Maria tuwina. Sa kanyang puso ay pinagninilayan at iniingatan niya ang pagliligtas ng Diyos. Buong pagmamahal niya tayong tinanggap at niyakap bilang kanyang mga anak noong sabihin ni Hesus sa kanyang kinalulugdang alagad:"Narito ang iyong ina." At sa kanya naman ay..."Narito ang iyong anak." Narito tayo ngayon, ang kanyang mga anak. Siya ang ating Ina.... Siya ang ina ng mga tinubos.



Habang pinagninilayan natin siya sa imahen na ito, hilingin natin ang biyaya na nawa'y lagi tayong bukas sa matamang pakikinig sa salita ng kanyang Anak.

Maria, aming Ina, turuan mo kami na patuloy na maging bukas ang aming puso sa tawag ng Ama, sa kilos ng Banal na Espiritu at sa Salita ni Hesus. Tulungan mo kami na laging matuto mula sa iyo, aming Ina, upang tuwina ay tumugon sa Diyos: "Mangyari nawa sa akin ang naaayon sa Iyong kalooban."

1 Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, 1 Lualhati ..........................

Lider: Hesukristo, aming Manunubos,

petual Help…for this reason we address her in this icon: Mother of Perpetual Help.

Christ has redeemed us and will always be our Redeemer. He is Emmanuel, our God-with-us. His unconditional love for the weak, suffering and poor brought him opposition - for which he suffered his Passion and Death. Such was the depth of his love. But death did not have the last word. He rose again in glory to give us new life. This then is Jesus, the Redeemer, who is humble and yet ever steadfast in giving us His abundant redemption.



In contemplating this mystery, let us be fully drawn by the immense love of the Redeemer and let us experience the Perpetual Help of Mary.

1 Our Father, 10 Hail Mary, 1 Glory be ..........

Leader - Jesus Christ, our Redeemer,

Response - We trust in you.

Leader - Our Mother of Perpetual Help,

Response - Pray for us.

FIFTH MYSTERY: That we may be one! Living in communion with God and one another (Jn. 19:27; Acts 1:14; Jn.17:21; Lumen Gentium #63).

Communion! Isn't it so beautiful when there is perfect sharing and oneness? Isn't it wonderful, where despite diversity, we strive to live as one? In this part of the Icon, we see Jesus' hands clasping Mary's

Tugon: Kami ay nananalig sa Iyo.

Lider: Ina ng Laging Saklolo,

Tugon: Ipanalangin mo kami.

IKAAPAT NA MISTERYO: Hesuskristo, ang Manunubos, Ang Ating Laging Saklolo (Lukas 4: 18-19)



Dumako tayo at pagnilayan natin ang pinakapuso ng imahen, si Hesus! Nasa Kanya ang buong pansin ng mga anghel. Sa Kanya nakatuon ang mapag-adyang yakap ni Maria. Habang nakatingin siya sa atin ay naroon pa rin ang hangarin na ituro sa atin ang kanyang Anak, ang ating Panginoon at Manunubos. Si Hesus lamang ang makapagbibigay ng kahulugan sa ating buhay. Siya ang tunay na Laging Saklolo. Dahil dito, si Maria ay kinikilala natin sa imaheng ito bilang Ina ng Laging Saklolo. Tinubos tayo ni Kristo at Siya ang lagi nating Manunubos. Siya ang Immanuel, ang Diyos na sumasaatin. Ang walang pasubali Niyang pagmamahal sa mga mahihina, nagdurusa at mga dukha ay di tinanggap ng mga nakatataas at humantong sa Kanyang paghihirap at kamatayan sa krus. Gayun ang lalim ng Kanyang pag-ibig. Ngunit ang kamatayan ay hindi nagtagumpay. Nabuhay Siyang mag-uli upang bigyan tayo ng bagong buhay. Siya nga si Hesus, ang manunubos na mapagpakumbaba ngunit matatag sa pagbibigay sa atin ng masaganang kaligtasan.

Sa ating pagninilay sa misteryong ito, lubos nating damahin ang di-masukat at walang hanggang pagmamahal ng ating Manunubos at laging danasin ang Laging Saklolo sa atin ng Inang Maria.

hand. We also see the hands of Mary pointing to Jesus. The gesture expresses the communion between the Mother and the Son. We see the total commitment of Mary to Jesus and His mission. Here, we recall that Mary holds us also in her hands as her children while Jesus lovingly accepts the mission from His Father to redeem us.

Mary, in this icon, says to us: “Do whatever He tells you”. We also need to hear Jesus’ words echoing in our hearts: “I am with you until the end of time”. In this contemplation of the Icon of our Mother of Perpetual Help, we are offered the experience of communion with the Redeemer, with the Mother of the Redeemer and with all the Redeemed in whatever situation each one of us may be.

In this decade, let us allow Jesus and His Mother to make us instruments of communion by generously and genuinely living to the full, the vocation we are called to, as Christians. Let us pray that we may truly live and spread in our midst - the peace, reconciliation, justice, joy and love that Jesus and Mary are radiating to us through this Icon of Communion.

1 Our Father, 10 Hail Mary, 1 Glory be ..........

Leader - Jesus Christ, our Redeemer,

Response - We trust in you.

Leader - Our Mother of Perpetual Help,

Response - Pray for us.

CONCLUDING REFLECTION:

These 5 points of contemplation in this Perpetual Help Rosary, give a sense of a spiral that invites us to go deeper within ourselves. It invites us to take a journey to our heart where we can encounter the Lord and the gentle protection of Mary. By going deeper and opening our hearts to the Icon, we are offered an experience of

1 Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, 1 Lualhati ..........................

Lider: Hesukristo, aming Manunubos,

Tugon: Kami ay nananalig sa Iyo.

Lider: Ina ng Laging Saklolo,

Tugon: Ipanalangin mo kami.

IKALIMANG MISTERYO: Na Tayo Nawa ay Maging Isa! Namumuhay nang may Pakikipagkaisa sa Diyos at sa kapwa (Juan 9:27); Gawa 1:14; Juan 17:21; LumonGentium # 63)

Komunyon! Hindi ba't napakaganda kung may tapat na pagbabahaginan at pagkakaisa? Hindi ba't sadyang kahanga-hanga na sa kabila ng pagkakaiba-iba, nagpupunyagi tayong mamuhay ng may kaisahan? Sa bahaging ito ng Imahen, nakikita natin ang mga kamay ni Hesus na kadaop-palad kamay ni Maria. Ipinahahayag nito ang komunyon sa pagitan ng Ina at ng Anak. Makikita natin ang lubos na pagtatalaga ni Maria ng sarili kay Hesus at sa Kanyang Misyon. Dito magugunita natin na hinahawakan din tayo ni Maria sa kanyang mga kamay bilang kanyang mga anak, habang buong pagmamahal na tinatanggap ni Hesus ang Kanyang misyon mula sa Kanyang Ama, na tayo ay Kanyang tutubusin.

Sa imahen na ito, sinasabi ni Maria sa atin: "Gawin ninyo kung ano ang Kanyang sasabihin." Kailangan din nating marinig ang mga salita ni Hesus na umaalingawngaw sa ating mga puso: "Magiging kasama ninyo Ako hanggang sa pagwawakas ng panahon." Sa pagninilay na ito sa imahen ng Ina ng Laging Saklolo, iniaalok sa atin na maranasan ang pakikiisa sa ating manunubos, kasama ang Kanyang Ina at ang lahat ng mga tinubos, anuman ang kalagayan sa buhay.

Sa bahaging ito ng ating pagninilay, hayaan natin si Hesus at ang Kanyang Ina na gawin tayong mga kasangkapan ng pagkakaisa sa pamamagitan ng ganap na pagsasabuhay ng ating bokasyon bilang

communion with God.

The spiral dynamic of contemplating the Icon reminds us that every event and the whole of creation have a place in the plan of God. The circular shape that this dynamic presents, symbolizes that we are all one. And as one, we are called to build the Kingdom that Jesus inaugurated. It is a Kingdom, where at its very heart, we find the God who in and with His Love binds us together in Communion with all humanity and creation.

As we conclude this Rosary Prayer with the Icon of our Mother of Perpetual Help, let us recall that in the history of this Icon, it was held under the care of a merchant who was on a journey-. We, ourselves, are all travelers/pilgrims …each in a different way according to the kind of life which God has called us to. Sometimes, we make steady progress, sometimes we stumble with our struggles. For this, we need the Icon of our Mother of Perpetual Help to be our companion in our life journey…because the journey within every heart and the journey towards full communion goes on and on…




Hail Holy Queen

Petitions To Our Mother Of Perpetual Help (adapted from www.baclaranovena.org)

Leader: Holy Mary
All: PRAY FOR US

Holy Virgin conceived without sin…
PRAY FOR US

Our Mother of Perpetual Help,

mga Kristiyano. Manalangin tayo na nawa, ang bawat isa ay makapagpalaganap ng kapayapaan, pagkakasundo, katarungan, kagalakan at pag-ibig na pinagniningning ni Hesus at Maria sa atin sa pamamagitan ng Imahen ng komunyon.

1 Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, 1 Lualhati ..........................

Lider: Hesukristo, aming Manunubos,

Tugon: Kami ay nananalig sa Iyo.

Lider: Ina ng Laging Saklolo,

Tugon: Ipanalangin mo kami.



## PAGTATAPOS AT PAGBUBULAY-BULAY

Ang limang puntos na pagninilay na ito sa Rosaryo ng Laging Sakololo ay nagbibigay ng isang paanyayang pasukin ang ating kalooban. Paanyaya ito na maglakbay patungo sa kaibuturan ng ating puso kung saan maaaring makaniig ang Panginoon at ang banayad na aruga ni Maria. Nag-aalok ng isang karanasan ng pakikipag-isa sa Diyos ang pagbubukas ng ating puso at malalim na pagtingin sa larawan.

Ang paikot na pagninilay sa banal na larawan ay paanyaya sa atin na bawat pangyayari at maging ang buong sanglinikha ay bahagi ng plano ng Diyos. Ang paikot na hugis ay sumasagisag na tayong lahat ay iisa. Dahil dito, lahat tayo ay tinatawag na makibahagi sa pagbuo ng kahariang pinasimulan ni Hesus. Sa puso ng kahariang ito matatagpuan ang Diyos na sa pamamagitan ng kanyang pag-ibig ay pinagbubuklod ang lahat - ang sangkatauhan at sangkinapal.

Sa pagtatapos ng ating pagro-rosaryo kasama ang larawan ng Ina

PRAY FOR US

That we may be filled with the Holy Spirit and become courageous witnesses of Christ's love for all … *LOVING MOTHER, HELP US

That we may be more and more like our Divine Lord, as you were …*LOVING MOTHER, HELP US

That we may be meek and humble of heart like your Son, Jesus…*

That we may fear losing God's friendship forever by unrepented sin…*

That we may seek Christ's mercy and forgiveness constantly in the sacrament of Penance…*

That we may be aware of God speaking to us in the events of daily life…*

That we may pray daily with love and trust, especially in moments of temptation…*

That we may realize the value of worshipping God together in the Eucharist…*

That we may grow in the love of Christ and neighbor by frequent Communion…*

That we may reverence our bodies as temples of the Holy Spirit…*

That we may strive to be true Christians by our loving concern for others…*

That we may accept our responsibility in the community in the spirit of genuine service…*

That we may proclaim the dignity of work by doing our own work conscientiously…*

ng Laging Saklolo, alalahanin natin na ayon sa kasaysayan, ang larawang ito ay nasa pangangalaga ng isang mangangalakal at manlalakbay. Tayo rin ay mga manlalakbay - iba't ibang landasin ayon sa tawag ng Diyos. Minsan may pag-unlad at may mga pagkakataon namang bumabagsak sa mga pagsubok. Dahil dito, kailangan natin ang ating Ina ng Laging Saklolo na umaagapay sa atin, sapagkat ang paglalakbay patungo sa ating puso tungo sa ganap na pagkakaisa ay nagpapatuloy.

Aba po Santa Mariang Hari…

MGA KAHILINGAN SA INA NG LAGING SAKLOLO

Santa Maria,
IPANALANGIN MO KAMI

Santang Birhen na ipinaglihing walang kasalanan,
IPANALANGIN MO KAMI

Aming Ina ng LagingSaklolo,
IPANALANGIN MO KAMI

Kaming makasalan ay tumatawag sa iyo, MASINTAHING INA,
TULUNGAN MO KAMI

Upang mapuno kami ng Espiritu Santo at maging mga magigiting na saksi sa pagmamahal ni Kristo sa tao.

*TUGON: MASINTAHING INA, TULUNGAN MO KAMI

Upang katulad mo, ay unti-unti kaming matulad sa aming mahal na Panginoon. *

Upang kami'y maging mapag-paumanhin at mapag-pakumbaba katulad ng inyong Anak na si Jesus. *

Upang kami'y matakot na lubusang masira ang pakikipag-kaibigan ng Diyos sa amin dahil sa ayaw naming pagsisihang kasalanan.*

That we may share our talents with others for the good of the community…*

That we may forgive from our heart those who have wronged us…*

That we may see the evil of seeking our own interest at the expense of others…*

That married couples and families in difficulty may seek reconciliation and forgiveness…*

That those struggling with addictions of alcohol, drugs, pornography, gambling may recognize their weakness and be open to the grace to break free… *



That we may work for the just distribution of this world's goods…*

That the voice of the poor and marginalized will not go unheeded…*

That individuals and groups will resist the temptation to turn to violence and hatred…*

That we may be aware of our dependence on God in the midst of human achievements…*

That the Holy Spirit guide and strengthen Pope Francis, the Bishops, the clergy and all in leadership…*

That our civil and political leaders may work for a society that is just and avoids discrimination…*

That we may be blessed with an increase of priestly and religious vocations…*

That we may bring the knowledge of Christ to those who do not

Upang lagi naming sikaping matamo ang awa at patawad ng Diyos sa Sakramento ng Kumpisal.*

Upang maunawaan namin na kami'y tinuturuan ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangyayari sa araw-araw na pamumuhay.*

Upang manalangin kami araw-araw na may pagmamahal at pagtitiwala, lalo na sa mga sandali ng tukso.*

Upang maunawaan namin ang halaga ng sama-samang pagsambasa sa Diyos sa Eukaristiya.*



Upang patuloy na mag- alab ang aming pag-ibig kay Kristo at sa kapwa sa pamamagitan ng malimit na pagtanggap ng Banal na Komunyon.*

Upang igalang namin ang aming katawan bilang mga templo ng Espiritu Santo.*

Upang magsikap kaming maging tunay na mga Kristiyano sa pamamagitan ng pagmamahal at pagmamalasakit sa iba.*

Upang ipahayag namin ang dangal ng trabaho sa pamamagitan ng katapatan sa aming mga gawain.*

Upang gamitin namin ang aming mga kakayahan para sa ikabubuti ng iba.*

Upang buong puso naming patawarin ang mga nakagawa sa amin ng masama.*

Upang maunawaan namin ang kasamaan ng paghahangad sa sariling kapakanan na makapipinsala sa iba.*

Upang ang lahat ng mga mag-asawa at mga pamilyang may sulir-

know Him…*

That the aged, sick and suffering may receive healing and comfort…*

That we may be ready at death to enter the home of our heavenly Father…*

That we may die at peace with Christ and our fellowmen and women…*

That we may be comforted at the death of our dear ones by our hope in the risen Lord…*

That our departed brothers and sisters quickly share in your Son's resurrection…*

Leader: Pray for us, O Holy Mother of God

All: That we may be made worthy of the promises of Christ.

Let us pray:

O God who has willed that the Mother of Your only-begotten Son should offer us her Perpetual Help, grant us grace to call on her with confidence in all our necessities of soul and body, so that assisted through her protection and assistance, we may be brought to the everlasting vision of Your glory in heaven, through Jesus Christ our Lord. Amen.

May almighty God the Father, the Son and the Holy Spirit descend upon us and remain with us forever. Amen.

anin ay magkaroon ng pagkakasundo at kapatawaran.*

Para sa mga nalululong sa adiksyon sa alak, droga, pornograpiya, at sugal…na sa pagkilala nila sa kanilang kahinaan, ay maging bukas sila sa grasya ng pagbabago.*

Upang tumulong kami na ipamahagi ang kayamanan ng mundong ito alinsunod sa katarungan.*

Upang ang boses ng mga mahihirap ay mabigyan ng pansin at hindi maisawalang bahala.*

Upang malabanan ng bawat tao at organisasyon ang tukso ng pagbaling sa karahasan at matinding galit.*

Upang maunawaan namin na sa gitna ng aming mga tagumpay, kami ay nangangailang pa rin ng tulong ng Diyos.*

Upang idalangin namin na patnubayan at patatagin ng Espiritu Santo ang loob ng Santo Papa________, ng mga Obispo, mga pari at lahat ng mga namumuno.*

Upang ang mga namumuno sa pulitika at mamamayan ay magsikap para sa isang lipunang makatarungan at walang diskriminasyon.*

Upang matulungan naming kilalanin at mahalin si Kristo ng mga hindi pa nakakakilala sa kanya.*

Upang ang mga matatanda, mga may sakit, at mga nagdurusa ay magkaroon ng kagalingan at kaginhawahan.*

Upang sa kamatayan ay maging handa kaming pumasok sa tahanan ng aming Ama sa langit.*

Upang mamatay kaming kaibigan ni Kristo at ng aming kapwa.*

Upang pagdating ng kamatayan sa aming mga minamahal sa buhay kami sana'y aliwin ng aming pag-asa sa Panginoong muling nabuhay.*

Upang idalangin namin na ang mga yumao ay makinabang agad sa muling pagkabuhay ng iyong Anak.*

Manalangin tayo:

O Diyos, ninais mo na ang Ina ng Iyong Bugtong na Anak ay mag-alay ng kanyang walang hanggang saklolo sa Iyong mga nilalang. Bigyan Mo kami ng biyaya na manawagan sa kanya ng buong tiwala sa aming mga pangangailangang pangkatawan at pangkaluluwa upang sa pamamagitan ng kanyang tulong at pagkalinga, kami ay makarating sa Iyong walang hangang kaluwalhatian sa langit sa ngalan ni Hesukristo aming Panginoon.

Suma-atin at manatili nawa ang Makapangyahirang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo ngayon at magpasawalanghanggan. Amen.



# CONSECRATION TO OUR MOTHER OF PERPETUAL HELP

*Immaculate Virgin Mary, * Mother of God and Mother of the Church, * you are also our Mother of Perpetual Help. * With hearts full of love for you * we consecrate ourselves to your Immaculate Heart * so that we may be your devoted children. * Obtain for us true sorrow for our sins * and fidelity to the promises of our Baptism.*

*We consecrate our minds and hearts to you * that we always do the Will of our heavenly Father. * We consecrate our lives to you * that we may love God better * and live not for ourselves * but for Christ, your Son * and that we may see Him * and serve Him in others.*

*By this humble act of consecration, * dear Mother of Perpetual Help, * we pledge to model our lives on you, * the perfect Christian, * so that, consecrated to you in life and in death * we may belong to your Divine Son for all eternity. Amen.*




*Our Mother of Perpetual Help*
*Pray for us ...*